INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

# Batangueno Lokalisadong Teksto Interbensyon para sa Kasanayang Pagbasa (baltik): Mungkahing Programa sa Dibisyon ng siyudad ng Tanauan

**DONNA HIDALGO AGOJO**
National Teacher's College
8202572@ntc.edu.ph

*Abstrak* — Ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa unang baitang ng edukasyon ay mahalagang salik sa pangkalahatang pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ito ang nagsisilbing pundasyon ng kanilang pag-unawa at pagganap sa iba pang larangan ng pagkatuto. Sa kabila ng umiiral na mga programang pang-literasi, nananatili pa rin ang suliranin sa mababang antas ng kasanayan sa pagbasa, partikular sa mga kontekstong may limitadong kagamitang panturo, hamon sa wikang ginagamit sa pagtuturo, at kakulangan sa suportang pangtahanan.

Layunin ng pag-aaral na ito na tasahin ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 1 hanggang 3, tukuyin ang mga salik na nakaaapekto rito, at makabuo ng isang angkop na programang interbensyon upang matugunan ang mga natukoy na pangangailangan sa literacy development. Ginamit sa pag-aaral ang Convergent Parallel Mixed Methods Design, kung saan sinuri ang kuwantitatibong datos mula sa Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA) ng 264 na mag-aaral gamit ang deskriptibong estadistika at correlation analysis, habang ang kwalitatibong datos ay nakalap sa pamamagitan ng panayam at focus group discussion.

Ipinakita ng resulta na 84 na mag-aaral ang nasa antas ng Full at Moderate Refresher, na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa agarang interbensyon. Natukoy rin ang napakalakas na negatibong ugnayan sa pagitan ng mga salik at antas ng kasanayan sa pagbasa ($r = -0.9997$, $p < .05$), na nagpapakita na habang tumitindi ang mga hadlang sa pagkatuto, lalong bumababa ang antas ng kasanayan sa pagbasa. Sa kwalitatibong pagsusuri, lumitaw ang mga pangunahing hamon tulad ng kakulangan sa kagamitang panturo, limitadong bokabularyo, kahinaan sa phonics, hadlang sa wikang panturo, at kakulangan sa suporta sa tahanan. Ang integrasyon ng mga datos

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

ay nagpatibay sa pangangailangang magpatupad ng isang sistematiko at kontekstuwalisadong interbensyon.

Batay sa mga natuklasan, binuo ang BALTIK (Basa at Literasi Tungo sa Inobatibong Kasanayan), isang programang interbensyon na nakatuon sa paggamit ng lokal na wika at interaktibong estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at mapalakas ang literacy development ng mga mag-aaral sa mababang baitang.

***Mga Susing Salita: pagbasa, interbensyon, literacy development, lokalisadong teksto, BALTIK, komprehensyon***

## I. INTRODUKSIYON

Ang kasanayan sa pagbasa ay kinikilalang isa sa pinakamahalagang pundasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa unang yugto ng kanilang pag-aaral sa elementarya. Hindi lamang ito simpleng pagkilala sa mga salita kundi isang masalimuot na proseso ng pagbuo ng kahulugan, pag-unawa, at pag-uugnay ng mga ideya mula sa teksto. Ayon sa mga pag-aaral sa larangan ng edukasyon, ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa unang tatlong baitang ay mahalaga sapagkat ito ang nagsisilbing batayan sa pagkatuto ng iba pang asignatura at sa paghubog ng iba pang makrong kasanayang pangwika gaya ng pakikinig, pagsasalita, pagsulat, at panonood. Gayunman, sa kabila ng iba't ibang programang pangliterasi na ipinatutupad sa bansa, nananatili pa rin ang hamon ng mababang antas ng kasanayan sa pagbasa sa maraming paaralan, partikular sa mga mag-aaral sa mababang baitang.

Sa konteksto ng edukasyon sa Pilipinas, binibigyang-diin ng Saligang Batas ng 1987 ang karapatan ng bawat mamamayan sa dekalidad na edukasyon at ang tungkulin ng estado na pangalagaan at itaguyod ang kultura at wikang Filipino. Kaugnay nito, isinusulong ng Department of Education ang iba't ibang programang pangliterasi gaya ng Every Child a Reader Program (ECARP) sa ilalim ng DepEd Order No. 18, s. 2017 upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay makapagtatamo ng sapat na antas ng pagbasa at pag-unawa. Bilang bahagi ng mga programang ito, ginagamit ang Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA) bilang pangunahing instrumento sa pagtukoy ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at sa pagtukoy ng mga nangangailangan ng agarang interbensyon.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

Ang hamon sa kasanayan sa pagbasa ay higit pang naging malinaw matapos ang pandemya ng COVID-19, kung saan nagkaroon ng learning loss sa maraming mag-aaral dulot ng limitadong interaksiyon sa guro at pagdepende sa distance learning modalities. Sa Paaralang Elementarya ng Banjo East sa Lungsod ng Tanauan, Batangas, ipinakita ng resulta ng CRLA na may malaking bilang ng mga mag-aaral mula Baitang 1 hanggang 3 na nasa frustration level sa pagbasa, na nangangahulugang nahihirapan silang bumasa at umunawa ng tekstong naaayon sa kanilang baitang. Ang kalagayang ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa isang mas sistematiko, kontekstuwalisado, at pangmatagalang programang interbensyon upang matugunan ang kanilang pangangailangang pangliterasi.

Ipinapakita rin ng mga pag-aaral na ang paggamit ng mga lokalisadong teksto at kontekstuwalisadong materyales ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa pagbasa sapagkat nagiging mas makabuluhan at malapit sa karanasan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa. Ang prinsipyong ito ay kaayon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa ilalim ng Republic Act No. 10533, na nagtataguyod ng paggamit ng unang wika bilang midyum ng pagkatuto sa mga unang baitang upang mapadali ang pag-unawa at pagkatuto. Sa lalawigan ng Batangas, mahalagang maisaalang-alang ang lokal na wika at kulturang Batangueño bilang bahagi ng pagdidisenyo ng mga interbensiyong pangbasa upang higit na maging angkop at epektibo ang mga ito sa konteksto ng mga mag-aaral.

Bilang tugon sa suliraning ito, binuo ang Batangueño Lokalisadong Teksto Interbensyon para sa Kasanayang Pagbasa (BALTIK), isang programang interbensyon na gumagamit ng mga tekstong nakabatay sa lokal na kultura, wika, at karanasan ng mga mag-aaral sa Batangas. Layunin nitong mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 1 hanggang 3 sa pamamagitan ng paggamit ng lokalisadong babasahin at sistematikong estratehiyang pedagogikal na nakatuon sa kanilang partikular na pangangailangan.

Partikular na nilalayon ng pag-aaral na ito na: (1) matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng CRLA; (2) masuri ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang kakayahan sa pagbasa; (3) alamin kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga salik na ito at antas ng kasanayan sa pagbasa; at (4) makabuo ng isang angkop na programang interbensyon batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa mga teoryang Constructivist Theory ni Jerome Bruner, Theory of Cognitive Development ni Jean Piaget, at Zone of Proximal Development ni Lev Vygotsky, na nagbibigay-diin sa aktibong pagbuo ng kaalaman, pag-unlad ng kognisyon, at kahalagahan ng paggabay sa pagkatuto. Iniuugnay rin ito sa pananaw ng sosyolingguwistikang interbensyon na nagbibigay-halaga sa paggamit ng lokal na wika at konteksto sa pagtuturo ng pagbasa. Sa kabuuan, inaasahang ang pag-aaral na ito ay makapag-aambag sa pagpapaunlad ng mga programang pangliterasi sa antas ng paaralan at dibisyon at magsisilbing batayan sa mas epektibong implementasyon ng mga interbensiyong pangbasa sa mga mababang baitang.

## II. METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang Convergent Parallel Mixed Methods Design, isang disenyo sa ilalim ng mixed methods approach na pinagsasama ang kuwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan upang makabuo ng mas malawak at mas malalim na pag-unawa sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mixed methods approach ay isang metodolohiyang nagsasangkot ng sabayang pangangalap, pagsusuri, at integrasyon ng numerical at tekstuwal na datos upang higit na maipaliwanag ang isang suliraning pang-edukasyon.

Sa pag-aaral na ito, sabay na isinagawa ang pangangalap at pagsusuri ng kuwantitatibo at kwalitatibong datos, na kapwa binigyan ng magkapantay na halaga upang matiyak ang komprehensibong pagtalakay sa suliranin. Ang kuwantitatibong bahagi ay nakatuon sa pagtukoy ng kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang standardized reading assessment, samantalang ang kwalitatibong bahagi ay nakatuon sa paggalugad ng mga karanasan, hamon, at kontekstuwal na salik na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto sa pagbasa. Matapos ang hiwalay na pagsusuri, isinagawa ang triangulation at integrasyon ng mga natuklasan upang makabuo ng mungkahing programang interbensyon na Batangueño Lokalisadong Teksto Interbensyon para sa Kasanayang Pagbasa (BALTIK).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Populasyon at Sampling**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 84 na mag-aaral mula Baitang 1 hanggang Baitang 3 sa Paaralang Elementarya ng Banjo East sa Dibisyon ng Lungsod ng Tanauan, Batangas. Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok, sapagkat sila ay sadyang pinili batay sa kanilang kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Kabilang sa mga kalahok ang 64 na mag-aaral na nasa Full Refresher Level at 20 mag-aaral na nasa Moderate Refresher Level batay sa resulta ng Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA).

Bukod sa mga mag-aaral, kabilang din sa kwalitatibong bahagi ng pag-aaral ang mga piling guro at magulang na may direktang kaugnayan sa literacy development ng mga mag-aaral. Para sa focus group discussion, binuo ang bawat pangkat ng 6 hanggang 8 kalahok, habang 8 hanggang 12 kalahok naman ang isinailalim sa semi-structured interviews.

Dahil menor de edad ang pangunahing kalahok sa pag-aaral, mahigpit na isinagawa ang mga etikal na konsiderasyon kabilang ang pagkuha ng pahintulot mula sa mga magulang o tagapag-alaga, boluntaryong partisipasyon, pagiging kumpidensyal ng datos, at pagtiyak ng ligtas at psychologically supportive na kapaligiran sa buong proseso ng pananaliksik.

**Kasangkapan sa Pananaliksik**

Tatlong pangunahing instrumento ang ginamit sa pangangalap ng datos sa pag-aaral:

Una, ginamit ang Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA) upang masukat ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa aspeto ng accuracy, reading rate, at comprehension. Ang instrumentong ito ang nagsilbing batayan sa pagtukoy ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng implementasyon ng BALTIK.

Ikalawa, gumamit ng researcher-made survey questionnaire upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kahirapan sa pagbasa at ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na dapat tugunan ng programang interbensyon. Ang talatanungan ay nahahati sa tatlong bahagi: (1) profile ng mga kalahok, (2) mga salik na nagiging sanhi ng kahirapan sa pagbasa, at (3) mga

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pangangailangan at kahalagahan ng lokalisadong babasahin. Gumamit ito ng apat-puntong Likert Scale upang masukat ang pananaw ng mga tagatugon.

Ikatlo, isinagawa ang Focus Group Discussion (FGD) at Semi-Structured Interview gamit ang isang validated interview guide upang makalap ang mas malalim na pananaw ng mga guro, magulang, at piling mag-aaral hinggil sa mga hamon, pangangailangan, at mungkahing estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa.

Ang lahat ng instrumentong ginamit ay dumaan sa content validation ng mga eksperto sa larangan ng pagbasa, pananaliksik, at edukasyon upang matiyak ang kanilang bisa, kalinawan, at kaangkupan sa layunin ng pag-aaral.

**Paraan ng Pagkalap ng Datos**

Bago ang aktuwal na pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik mula sa kaukulang pinuno ng paaralan at tanggapan ng dibisyon upang maisagawa ang pag-aaral. Matapos nito, isinagawa ang validation at pilot testing ng survey questionnaire upang matiyak ang kalinawan, reliability, at validity ng instrumento.

Sa kwantitatibong bahagi, unang isinagawa ang CRLA pre-test upang matukoy ang baseline reading level ng mga mag-aaral. Kasunod nito ang pamamahagi ng survey questionnaire sa mga guro at magulang upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa pagbasa. Pagkatapos ng implementasyon ng programang BALTIK, isinagawa ang CRLA post-test upang masukat ang pagbabago sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga kalahok.

Sa kwalitatibong bahagi, isinagawa ang mga focus group discussion at semi-structured interviews upang makuha ang mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan, hamon, at pangangailangan ng mga kalahok kaugnay ng literacy development. Lahat ng datos ay inayos, tinipon, at inihanda para sa sistematikong pagsusuri.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Pagsusuri ng Datos**

Gumamit ang pag-aaral ng parehong kuwantitatibo at kwalitatibong pagsusuri ng datos upang matugunan ang mga layunin ng pananaliksik.

Sa kwantitatibong pagsusuri, ginamit ang frequency at percentage distribution upang mailarawan ang profile ng mga kalahok. Ang mean at standard deviation ay ginamit upang masukat ang antas ng kasanayan sa pagbasa bago at pagkatapos ng interbensyon. Ginamit din ang paired-sample t-test upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa kasanayan sa pagbasa matapos ang implementasyon ng BALTIK. Samantala, ginamit ang Pearson r correlation upang matukoy ang lakas at direksyon ng ugnayan sa pagitan ng antas ng pagbasa at mga salik na nakaaapekto rito.

Para sa survey questionnaire, ginamit ang weighted mean upang masukat ang antas ng pagsang-ayon ng mga tagatugon gamit ang apat-puntong Likert scale.

Sa kwalitatibong pagsusuri, ginamit ang thematic analysis upang tukuyin, suriin, at bigyang-kahulugan ang mga pangunahing tema mula sa mga panayam at focus group discussions. Sa pamamagitan ng prosesong ito, natukoy ang mahahalagang pananaw at karanasang may kaugnayan sa mga hamon sa pagbasa at mga pangangailangang dapat tugunan ng programang BALTIK.

Sa huli, isinagawa ang triangulation at joint analysis upang mapagsama ang mga resulta mula sa kuwantitatibo at kuwalitatibong datos at makabuo ng isang komprehensibong interpretasyon na nagsilbing batayan sa pagbuo ng mungkahing interbensyon.

## III. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga natuklasan mula sa nakalap na datos at ang masusing interpretasyon nito batay sa mga teorya at kaugnay na literatura hinggil sa Batangueño Lokalisadong Teksto Interbensyon para sa Kasanayang Pagbasa (BALTIK).

Suliranin 1: Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa batay sa CRLA

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Batay sa nakalap na datos mula sa Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA), lumabas na sa kabuuang 264 na mag-aaral, 39.02% ang nasa Grade Ready, samantalang 31.82% ang kabilang sa Full at Moderate Refresher na itinuturing na nasa frustration level. Ipinapakita nito na bagama't may malaking bahagdan ng mga mag-aaral na may sapat na kasanayan sa pagbasa, nananatili ang makabuluhang bilang na nangangailangan ng agarang interbensyon.

Ipinahihiwatig ng resulta na may umiiral na learning gap sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa Constructivist Theory ni Bruner at Cognitive Development Theory ni Piaget, na nagpapaliwanag na ang pagkatuto ay nakabatay sa aktibong karanasan at antas ng kognitibong pag-unlad ng bata. Ipinapakita rin ng literatura na ang limitadong exposure sa pagbasa at kakulangan sa suportang pampagkatuto ay nagdudulot ng mababang literacy performance (Woods et al., 2023; Aclinen & Olesio, 2023).

Sa kabuuan, malinaw na kinakailangan ang isang sistematikong interbensyon tulad ng BALTIK upang mapataas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral mula sa frustration level tungo sa functional at independent reading level.

Suliranin 2: Mga Salik na Nakaaapekto sa Kahirapan sa Pagbasa

Batay sa pagsusuri ng datos, lumabas na ang limitadong kagamitan sa pagkatuto (WM = 3.55) ang pangunahing salik na nakaaapekto sa kahirapan sa pagbasa, kasunod ang kakulangan sa pag-unawa (WM = 3.45) at bokabularyo (WM = 3.40). Lahat ng salik ay may interpretasyong "Sumasang-ayon" hanggang "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapakita ng mataas na impluwensya ng mga ito sa kasanayan sa pagbasa.

Ipinapakita ng resulta na ang kahirapan sa pagbasa ay multidimensional, na binubuo ng kognitibo, lingguwistiko, at pangkapaligirang salik. Ayon kay Vygotsky, ang kakulangan sa scaffolding at suporta ay naglilimita sa pag-unlad ng mag-aaral sa loob ng kanyang Zone of Proximal Development (ZPD). Sinusuportahan ito ng UNESCO (2024) na nagsasabing ang kakulangan sa materyales at suporta sa tahanan ay pangunahing sanhi ng learning poverty.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig na ang paglinang ng pagbasa ay nangangailangan ng sabayang pagtugon sa materyales, wika, at suportang pedagohikal.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Suliranin 3: Ugnayan ng Kakayahan sa Pagbasa at mga Salik

Natuklasan na may napakalakas at negatibong ugnayan ang antas ng kakayahan sa pagbasa at mga salik na nakaaapekto dito ($r = -0.9997$, $p < 0.05$). Ipinapakita nito na habang tumataas ang mga hadlang sa pagkatuto, bumababa naman ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ipinapahiwatig ng resulta na ang mga salik gaya ng kakulangan sa kagamitan, bokabularyo, at suporta ay may direktang epekto sa performance sa pagbasa. Ayon sa sosyokultural na teorya ni Vygotsky, ang pagkatuto ay nakasalalay sa interaksyon ng mag-aaral at kapaligiran, kaya ang kakulangan sa suporta ay naglilimita sa pag-unlad ng literasi.

Ang resulta ay umaayon sa mga pag-aaral nina Snow at Matthews (2022) at ng UNESCO (2024) na binibigyang-diin ang kritikal na papel ng kapaligiran at access sa materyales sa paglinang ng pagbasa.

Suliranin 4: Panukalang Interbensyon (BALTIK)

Batay sa resulta ng pag-aaral, binuo ang Batangueño Lokalisadong Teksto Interbensyon para sa Kasanayang Pagbasa (BALTIK) bilang tugon sa natukoy na kahinaan sa pagbasa. Ang programa ay nakabatay sa CRLA at tumutugon sa antas ng Full Refresher, Moderate Refresher, Light Refresher, at Grade Ready.

Ang BALTIK ay binubuo ng lokal na teksto, storytelling, reading corners, at interaktibong gawain sa pagbasa na nakatuon sa decoding, vocabulary, fluency, at comprehension. Ipinapakita nito ang pagsunod sa Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) kung saan ang paggamit ng lokal na wika ay nagpapadali sa pagkatuto.

Ayon sa mga pag-aaral nina De Jesus et al. (2023) at Lim (2019), ang kontekstuwalisadong pagtuturo ay nagpapataas ng reading engagement at comprehension. Samakatuwid, ang BALTIK ay isang data-driven at context-sensitive na interbensyon.

Suliranin 5: Pangangailangan sa Babasahin ng mga Mag-aaral

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Lumabas sa Focus Group Discussion (FGD) na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng kontekstuwalisadong babasahin, payak na wika, sapat na materyales, at interaktibong estratehiya sa pagbasa. Ipinahayag ng mga kalahok na mas nauunawaan nila ang teksto kapag ito ay nakabatay sa lokal na karanasan at wikang pamilyar. Lumabas din ang thematic analysis na may apat na pangunahing tema: kontekstuwalisadong teksto, lokal na wika, kakulangan sa materyales, at interaktibong pagbasa. Ipinapakita nito na ang pagbasa ay hindi lamang kognitibo kundi sosyal at kontekstuwal na proseso.

Ayon sa Reader-Response Theory, ang kahulugan ng teksto ay nabubuo sa interaksyon ng mambabasa at teksto. Sinusuportahan ito ng mga pag-aaral nina Galang et al. (2025) na nagsasabing ang localized materials ay nagpapataas ng comprehension at engagement.

**Pagsasanib ng Natuklasan**

Ipinapakita ng pagsasanib ng datos na ang mababang antas ng pagbasa ay bunga ng magkakaugnay na salik tulad ng kakulangan sa materyales, wika, at suporta. Ang BALTIK ay nagsisilbing empirically grounded intervention na tumutugon sa parehong numerikal na resulta at aktwal na karanasan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagpapatunay na ang pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ay nangangailangan ng kontekstuwalisadong, interaktibong, at sistematikong interbensyon na nakaangkla sa lokal na pangangailangan ng mga mag-aaral.

## IV. KONKLUSYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, natuklasan na may umiiral na kahinaan sa kasanayan sa pagbasa sa mga mag-aaral sa mababang baitang, partikular sa mga nasa Full Refresher at Moderate Refresher, na nangangailangan ng agarang interbensyon. Ipinakita rin na ang kahirapan sa pagbasa ay bunga ng magkakaugnay na salik tulad ng kakulangan sa kagamitang panturo, kahinaan sa bokabularyo at phonics, hadlang sa wika, at limitadong suporta sa tahanan.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

Lumabas ang napakalakas na negatibong ugnayan sa pagitan ng mga salik at antas ng kakayahan sa pagbasa, na nagpapahiwatig na habang tumitindi ang mga hadlang, bumababa ang antas ng literasi ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang paggamit ng kontekstuwalisado at lokal na wika ay napatunayang mahalagang salik sa pagpapaunlad ng pag-unawa at interes sa pagbasa, lalo na kung sinusuportahan ng interaktibo at kolaboratibong mga estratehiya sa pagtuturo.

Sa kabuuan, ang BALTIK ay napatunayang isang angkop at makabuluhang interbensyon na tumutugon sa aktwal na pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa sa pamamagitan ng lokal, kontekstuwalisado, at learner-centered na lapit.

## V. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, iminumungkahi na ang mga guro ay patuloy na magpatupad ng mga kontekstuwalisado at interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa pamamagitan ng paggamit ng BALTIK bilang pangunahing interbensyon lalo na para sa mga mag-aaral na nasa Full Refresher at Moderate Refresher. Ang paggamit ng lokal na wika, storytelling, guided reading, at peer learning ay mahalagang hakbang upang mapataas ang antas ng pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa pagbasa. Sa antas ng pamunuan ng paaralan, mahalagang maglaan ng sapat na suporta sa pagbuo at reproduksyon ng lokal na babasahin, gayundin ang pagtatatag ng mga reading corners at learning spaces na magpapalakas ng kultura ng pagbasa sa loob ng paaralan. Inirerekomenda rin ang regular na monitoring at ebalwasyon ng antas ng pagbasa gamit ang mga valid at standardized tools tulad ng CRLA at PHIL-IRI upang matiyak ang tuloy-tuloy na pag-unlad ng mga mag-aaral.

Sa panig ng mga magulang, mahalagang palakasin ang kanilang aktibong partisipasyon sa pagkatuto ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng sabayang pagbabasa, paggabay sa pag-unawa, at pagbibigay ng mga angkop na babasahin na naaayon sa interes at antas ng kakayahan ng bata. Para naman sa Kagawaran ng Edukasyon, inirerekomenda ang pagsasaalang-alang sa institusyonalisasyon ng BALTIK bilang bahagi ng mga programang pangpagbasa sa antas ng dibisyon o rehiyon, kasama ang pagsasagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro hinggil sa paggamit ng lokal na wika at kontekstuwalisadong materyales sa pagtuturo.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Sa mga susunod na mananaliksik, hinihikayat ang pagsasagawa ng mas malawak na pilot testing o eksperimental na pag-aaral upang higit na masukat ang bisa ng BALTIK sa iba't ibang konteksto. Maaari ring palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa iba pang baitang at rehiyon, gayundin ang pagsusuri sa epekto nito sa iba pang kasanayan tulad ng pagsulat at kritikal na pag-iisip.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## TALASANGGUNIAN

[1.] A Handbook for Students and their Supervisors. Routledge Taylor & Francis

[2.] Group. ISBN 9781138048706

[3.] Aclinen,Z. & Oliseo, M. (2023). ANTAS NG KASANAYAN SA PAG-UNAWA SA

[4.] archive.org/stream/BibleInterpretationSeminarTextbookTagalogVersion/seminar_textbook_tagalog_djvu.txt

[5.] Cabangon, Danganan, Perez, Salvanera, & Zamora (2020). ONLINE CLASSES O FACE-TO-FACE: EPEKTIBONG PAMAMARAAN SA KASALUKUYANG PANAHON NG MGA MAG-AARAL. (tesis) Sacred Heart College, Lucena.

[6.] Cabardo, J. R., & Villanueva, E. L. (2021). Foundations of early literacy development in multilingual settings. Journal of Language and Literacy Education, 17(2), 45–60.

[7.] Cruz, A. B. (2016). Kahalagahan ng Kontekstuwalisadong Pagtuturo ng Pagbasa: Pagsusuri sa Epekto sa Pag-unlad ng Kasanayan sa Pagbasa sa Unang Baitang. Journal of Education and Learning, 5(2), 120-136.

[8.] De Jesus, L.et al. (2023). Programang Pampananaliksik Tungo sa Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 1(4), 213-227.

[9.] Dela Cruz, J. M., & Santos, M. L. (2021). Factors affecting reading motivation and engagement among high school students in the Philippines. Journal of Reading Research, 27(1), 45-62.

[10.] Department of Education. (2016). K to 12 curriculum guide: Filipino (May 2016). Department of Education.

[11.] Department of Education. (2017). DepEd Order No. 18, s. 2017: Guidelines on the utilization of the 2017 Every Child a Reader Program (ECARP) funds for the early language, literacy, and numeracy program: Professional development component. Department of Education.

[12.] Department of Education. (2022). Comprehensive Rapid Literacy Assessment (CRLA): Administration guidelines. Department of Education.

[13.] Department of Education. (2022). Learning recovery and continuity plan. Department of Education.

[14.] DepEd Memorandum No. 173, s. 2019 “HAMON: BAWAT BATA BUMABASA (3Bs Initiative)

[15.] doczz.net/doc/99073/sikolohiya-ng-malasakit-at-pananagutan.

[16.] Garcia, M. P., & Ocampo, D. R. (2025). Language transition and literacy outcomes among primary learners. Philippine Journal of Education, 98(1), 23–39.

[17.] Garcia, P. M. (2020). Pagsasalin ng mga Babasahing Pang-Edukasyon sa Wikang Batangueño. Philippine Journal of Linguistics, 21(1), 45-62.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[18.] Heguerra, A., & Cacho, R. (2022). Comprehension Concerns: Signs and Signals for Improving a School-based Reading Intervention. The Normal Lights, 16(2).

[19.] Hernandez, A. G., & Reyes, E. S. (2020). Exploring the relationship between parental involvement and reading achievement among elementary students. Philippine Journal of Educational Psychology, 15(2), 78-95.

[20.] http://sccresearchcenter.southernchristiancollege.edu.ph/2015/01/22/paghahambing-sa-pag-unawa-sa-binasang-tula-gamit-ang-wikang-filipino-at-ilonggo-ng-mga-mag-aaral-sa-unang-baitang-ng-dualing-aleosan/

[21.] http://www.bse.portal.ph/download/EASE%20MODULES/Araling%20Panlipunan/AP%20IV/Modyul%203-%20Kakulangan%20at%20Kakapusan%20sa%20Pagtugon%20sa%20Pangangail a.pdf

[22.] https://hqnudedaily.info/lebel-ng-kakayanan-sa-pagbasa-ng-mga-mag-aaral-sa-unang

[23.] https://hqnudedaily.info/lebel-ng-kakayanan-sa-pagbasa-ng-mga-mag-aaral-sa-unang

[24.] https://njrjh.scarpedacalcionegozi.it/makrong-kasanayan-sa-wikang-filipino.html

[25.] https://pdfcoffee.com/panimula-pdf-free.html

[26.] https://pinoyvoices.wordpress.com/interviews/dubbing-article/paano-po-ba-ang-boses-papel-1/

[27.] https://tl.kingdomsalvation.org/gods-work-gods-disposition-and-god-himself-i-2.html

[28.] https://tl.schoolscompared.com/news/results-week-live-uae-gcse-a-level-and-btec-results-11-20-august-2020/

[29.] https://www.docsity.com/en/many-free-answer-many-free-answer-1/8300069/

[30.] https://www.instabrightgazette.com/

[31.] https://www.scribd.com/doc/256318801/Format-Araling-Panlipunan-k12-6-Aug-27-2011-Revised-Rbm

[32.] https://xsn.edu.ph/campus-life/news/highlights/wikang-katutubo-tutubo

[33.] Kim, Y.-S. G., & Wagner, R. K. (2023). Examining the simple view of reading: A contemporary perspective. Reading Research Quarterly, 58(1), 5–20.

[34.] Lim, R. M. (2019). Paglinang sa Kultura at Wika ng mga Mag-aaral: Lokal na Intervensyon sa Pagbasa. Unpublished dissertation.

[35.] Mecan, M. (2021). Pag-iisip ng Disenyo: Mixed Method Research. https://www.medical-hospital-equipment.com/tl/ai-article/design-thinking-mixed-method-research.html .

[36.] Neumann, M. M., & Merchant, G. (2021). "That's Big Bad Wolf!": Learning through teacher-child talk during the shared reading of a storybook app. Early Childhood Education Journal, 1-11.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[37.] ojs2.aaresearchindex.com/pluginfile.php/96/mod_resource/content/1/AAJMRA_Vol3_No2F_Feb2019_fv.pdf

[38.] PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA GRADE 8. Batangas State Univeristy-The National Engineering University.

[39.] Paltridge, & Starfield (2020). Thesis and Dissertation Writing in a Second Language

[40.] raw.githubusercontent.com/CJQuides/MyThesisss/main/Comments-Dataset.csv

[41.] Republic of the Philippines. (1987). The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines. Official Gazette of the Republic of the Philippines.

[42.] Republic of the Philippines. (2013). Republic Act No. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013. Official Gazette of the Republic of the Philippines.

[43.] researchgate.net/publication/367817090_Impak_ng_pandemya_sa_mga_mag-aaral_ng_Veritas_College_of_Irosin_sa_taong_panuruan_2021-2022

[44.] Ronconi, A., et al. (2022). Effects of reading medium on the processing, comprehension, and calibration of adolescent readers. Computers & Education, 185, 104520

[45.] Santiago, R. B., & Ortega, A. T. (2020). The impact of digital reading on reading comprehension among primary school students. Philippine Journal of Education, 45(2), 112-128.

[46.] Santos, A. C., & Rodriguez, M. C. (2021). Reading strategies and their effects on comprehension among college students. Journal of Applied Reading Research, 6(2), 87-104.

[47.] Santos, J. L., & Reyes, M. P. (2018). Ang Epekto ng Lokal na Teksto sa Pagkatuto ng Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Batangas. Unpublished thesis.

[48.] scribd.com/doc/80541778/Panukalang-Tesis-BSED-Filipino-Klase-sa-Tag-araw-2004

[49.] scribd.com/document/402311675/THESIS-FINAL-1-doc

[50.] slideshare.net/analsalas923/thesis-ni-liz-tsu-format-orig-edited

[51.] Snow, C. E., & Matthews, T. J. (2022). Reading materials and early literacy development: Bridging access gaps. Educational Researcher, 51(4), 250–258.

[52.] UNESCO. (2024). Global education monitoring report: Addressing learning poverty in primary education. UNESCO Publishing.

[53.] Villanueva, L. P., & Aquino, R. M. (2020). Enhancing reading fluency through technology-based interventions: A meta-analysis. International Journal of Reading and Literacy Studies, 8(3), 156-173.

[54.] Woods, A. et al. (2023). Effects of having an IEP on the reading achievement of students with learning disabilitiesand speech or language impairments. Learning Disability Quarterly, 07319487231154235.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

[55.] www.coursehero.com/file/58254924/ANGKAUGNAYANNG-BILIS-SA- PAGBASA-NG-AKADEMIKONG-TEKSTO-ATANGdocx/search and Development, 73, 89–105. https://doi.org/10.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved